


Sining

Kwarter 2 – Modyul 2: Pagpipinta: Landscape ng Pamayanang Kultural



Sining – Ikaapat na Baitang
Alternative Delivery Mode
Kwarters 2 – Modyul 2: Pagpipinta: Landscape ng Pamayanang Kultural
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Mary Justine Sienne D. Corporal

Editor: Francis Durante

Tagasuri: Cynthia T. Montanez

Tagaguhit: Emma S. Malapo

Tagalapat: Mary Justine Sienne D. Corporal

Tagapamahala: Gilbert T. Sadsad

Francisco B. Bulalacao, Jr.

Grace U. Rabelas

Ma. Leilane R. Lorico

Jerson V. Toralde

Belen B. Pili

Cynthia T. Montanez

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region V

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500

Telefax: 0917 178 1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

Sining

**Kwarter 2 – Modyul 2:
Pagpipinta: Landscape ng
Pamayanang Kultural**

Paunang Salita

Ang Self-learning Module o SLM ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral muna may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahn ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Isang maganda at makabuluhan ng araw sa iyo kaibigan!

Sa pamamagitan ng modyul na ito ay naipagmamalaki ang kagandahan ng tanawin sa pamayanang kultural sa pamamagitan ng likhang sining.

- Nagagawa ng pintor na maging malapit o malayo ang mga bagay sa kaniyang likhang sining sa pamamagitan ng espasyo.
- Ang espasyo, bilang elemento ng sining, ay ang distansiya o agwat sa pagitan ng bawat bagay sa isang likhang sining. Para sa isang pintor, ang anyong mabubuo ng espasyo ay kasinghalaga rin ng hugis ng bagay na kanyang ginuhit.

Pagkatapos sa modyul na ito ay naiguguhit at naipipinta ang tanawin ng komunidad ng mga Pamayanang kultural.



Subukin

Bago mo simulant ang modyul na ito, subukin muna natin kung hangang saan ang alam mo. Iguhit sa sagutang papel ang masayang mukha 😊 kung tama ang pangungusap at malungkot na mukha ☹️ kung mali.

- 1._____ Nagagawa ng pintor na maging malayo o malapit ang mga bagay sa kanyang likhang sining.
- 2._____ Ang tamang espasyo ng mga bagay sa isa't isa ay naipakikita sa pamamagitan ng paglalagay ng *foreground*, *middle ground*, *at background*.
- 3._____ Ang mga bagay sa *foreground* ay kadalasang malalaki at pinakamalapit sa tumitingin.
- 4._____ Ang mga bagay naman na nasa *background* ay nasa likod at kadalasan na malaki.
- 5._____ Ang *middleground* naman ay may katamtaman ang laki ng mga bagay na nasa pagitan ng *foreground* at *background*.

MAGALING! 😊

Ilan ang nakuha mo?

Nasiyahan kaba habang sinasagotan ang mga katanungan?

- Magaling kung nakuha mo lahat ng tamang sagot. Ayos lang din kung di mo nakuha lahat dahil mas lalo pa natin ito lilinangin sa pagpapatuloy ng modyul na ito.



Balikan

Lagyan ng KE kung ito ay Kasuotang Etniko at HKE kung Hindi Kasuotang Etniko. Sagotan sa sagotang papel.

1.



2.



3.



4.




5.





Tuklasin



Sa pamamagitan ng *foreground*, *middle ground*, at *background*, naipakikita ang tamang espasyo ng mga bagay sa larawan

Nagagawa ng pintor na maging malapit o malayo ang mga bagay sa kaniyang likhang sining sa pamamagitan ng espasyo. Ang espasyo, bilang elemento ng sining, ay ang distansiya o agwat sa pagitan ng bawat bagay sa isang likhang sining. Para sa isang pintor, ang anyong mabubuo ng espasyo ay kasinghalaga rin ng hugis ng mga bagay na kaniyang iginuhit. Ang tamang espasyo ng mga bagay sa isa't isa ay naipakikita sa pamamagitan ng paglalagay ng *foreground*, *middle ground*, at *background*. Ang mga bagay sa

foreground ay kadalasang malalaki at pinakamalapit sa tumitingin. Ang bagay naman na nasa *background* ay nasa likod at kadalasan na maliit. Ang *middleground* naman ay may katamtaman ang laki ng mga bagay na nasa pagitan ng *foreground* at *background*.

- Ang mga sumusunod na larawan ay halimbawa ng pamayanang kultural na nagpapakita ng *foreground, middleground, background*.



SOURCE: <http://commons.wikimedia.org>

IVATAN

Ang mga Ivatan ay matatagpuan sa lalawigan ng Batanes. Ang kanilang mga tahanan ay maituturing na lumang estruktura sa Batanes. Ito ay yari sa *limestone* at *coral* habang ang bubungan ay mula sa *cogon grass* na sadyang binuo sa pangunahing layunin na magbigay ng proteksiyon laban sa kalamidad tulad ng bagyo. Ang mga babaeng Ivatan ay nagsusuot naman *headgear* na tinatawag na *vakul*. Ito ay yari sa abaka na inilalagay sa ulo bilang kanilang proteksiyon sa araw at ulan.



SOURCE: <https://thehappytrip.com/2019/05/banaue-ifugao-travel-guide/>

IFUGAO

Ang mga Ifugao naman ay makikita sa bulubundukin ng Cordillera kung saan ang mga hagdang-hagdang palayan ay pangunahing atraksiyon sa lugar. Ang salitang Ifugao ay nagmula sa katagang “i-pugo” na nangangahulugang “mga tao sa burol” o “*people of the hill*”.



SOURCE: https://en.wikipedia.org/wiki/Torogan#/media/File:Model_of_Torogan_Marano.jpg

MARANAO

Ang mga Maranao ay pangkat-etniko na makikita sa Lanao, Mindanano. Ang katawagang Maranao ay nangangahulugang “People of the Lake” dahil ang pangkat-etniko na ito ay nabubuhay sa lawa ng Lanao. Ang kanilang pangunahing paraan ng pamumuhay ay pangingisda at nakasentro ang kanilang mga gawain sa lawa. Ang mga Maranao ay nakikilala sa kanilang pambihirang disenyo na tinatawag na “okir”. May mga tahanan ang mga Maranao na tinatawag na torogan. Ito ay para sa mga datu o may mataas na katayuan sa lipunan. sa kanilang tahanan ay makikita ang disenyong “okir” sa harapan ng torogan. Ang mga inukit na disenyong okir ay makikita sa mga nililok sa panolong.




Suriin

Pagmasdan ang larawan. Tukuyin kung *foreground*, *background* o *middleground*.

SOURCE: kagamitan ng Magaaraal p. 179


1.



2.



3.





Payamanin

1. Ano ang kahalagahan ng pagguhit na may *foreground*, *middleground*, *background*. Isulat ang kasagutan sa concept map.



Isaisip

Naipakikita sa pagpipinta ng tanawin ng komunidad ang tamang espasyo ng mga bagay sa larawan sa pamamagitan ng pagguhit ng *foreground*, *middle ground*, at *background*.



Isagawa

TARA MAGPINTA!

Pagpipinta ng Tanawin sa Komunidad (Landscape Painting)

Sa pamamagitan ng *foreground, middle ground, at background*, naipakikita ang tamang espasyo ng mga bagay sa larawan **Pagpipinta ng Tanawin sa Komunidad (Landscape Painting)**

Kagamitan: lapis, *bondpaper, watercolor*, basahan, at *water container*

Mga Hakbang Sa Paggawa:

1. Isipin ang larawan ng komunidad na iguguhit. Ito ay maaaring sariling komunidad na kinabibilangan o ayon sa iyong imahinasyon. Planuhin ang gawain ng mga tao, itsura ngbahay, at tanawin sa komunidad na iguguhit.
2. Unahing iguhit ang guhit-tagpuan (*horizon*) at mga bagay na pinakamalaki at nasa harapan (*foreground*) tulad ng tao at ang kanilang ginagawa.
3. Sunod na iguhit ang mga bagay sa *middle ground* o tanawing gitna tulad ng mga tahanan at puno.
4. Pagkatapos, iguhit ang *background* o tanawing likod tulad ng bundok o kapatagan at langit.
5. Kulayan mo ito ng *watercolor* at lagyan ng pamagat



Tayahin

Panuto: Bigyan ng kaukulang puntos ang inyong naging pagganap gamit ang rubrik na nasa kasunod na pahina

PAMANTAYAN	Napakahusay (3)	Mahusay (2)	Di-gaanong mahusay (1)
1. Naiguhit at nakulayan ko ang tanawin ng pamayanang kultural.	Naiguhit at nakulayan ko.	Naiguhit ko ngunit hindi nakulayan.	Hindi ko naiguhit.
2. Naipakita ko sa larawan ang wastong espasyo sa pamamagitan ng <i>foreground</i> , <i>middle ground</i> at <i>background</i> .	Naipakita ko nang tama ang <i>foreground</i> , <i>middle ground</i> at <i>background</i> .	Hindi ko maayos na naipakita ang <i>foreground</i> , <i>middle ground</i> , at <i>background</i> .	Hindi ko naipakita ang <i>foreground</i> , <i>middle ground</i> at <i>background</i> .
3. Nakilala ko ang mga pamayanang kultural sa bansa at ang mga natatanging uri ng tahanan at pamumuhay.	Nakilala ko ang 3 pamayanang kultural sa bansa.	Hindi ko gaanong nakilala ang pamayanang kultural sa bansa	Hindi ko nakilala ang pamayanang kultural sa bansa.
4. Naipagmalaki ko ang likhang sining sa pamamagitan ng eksibit.	Naipagmalaki ko ang aking likhangsining.	Hindi ko gaanong naipagmalaki ang likhang sining.	Hindi ko naipagmalaki.



Karagdagang Gawain

Magsaliksik sa magasin, libro o *internet* ng mga larawan ng komunidad ng iba pang pangkat-etniko sa bansa. Idikit sa kuwaderno at lagyan ng maikling paglalarawan tungkol sa larawan.



Susi sa Pagwawasto

1. Middleground
2. Foreground
3. Background

Surlin

1. KE
2. HKE
3. KE
4. HKE
5. KE

Balikan

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.

Subukin

Sanggunian

Kagawaran ng Edukasyon ,Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral p.179

Kagawaran ng Edukasyon, Musika at Sining 4, Kagamitan ng Guro p. 228

<https://thehappytrip.com/2019/05/banaue-ifugao-travel-guide/>

[https://en.wikipedia.org/wiki/Torogan#/media/File:Model of Torogan Marano.jpg](https://en.wikipedia.org/wiki/Torogan#/media/File:Model_of_Torogan_Marano.jpg)

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph